


EPP-AFA

Modyul 7: Pagsasagawa ng Wastong Plano ukol sa Pag-aani, Pagbebenta at Pagsasapamilyan ng mga Halamang Ornamental



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode**

Modyul 7: Pagsasagawa nang Wastong Plano ukol sa Pag-aani, Pagbebenta at Pagsasapamilihan ng mga Halamang Ornamental Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Loralyn D. Casulla

Editor: Jelly M. Flores

Tagasuri: Filip P. Canas

Tagaguhit: Jason C. Borabo

Tagalapat: Jeffrey B. Sape

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,
Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

EPP-AFA

Modyul 7:

Pagsasagawa ng Wastong Plano ukol sa Pag-aani, Pagbebenta at Pagsasapamilyahan ng mga Halamang Ornamental

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;

- Naisasagawa ang wastong pag-aani at pagsasapamilyan ng mga halamang ornamental
- Nakagagawa ng plano sa pagbebenta ng mga halaman ayon sa sumusunod:
 - a. Pagsasaayos ng paninda
 - b. Pag-kumbinsi sa mamimili
 - c. Pagtatala ng puhunan, gastos, kita at maiimpok



Subukin

Lagyan ng (/) kung tama ang pangungusap at (x) naman kung mali. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

- ___ 1. Ang pag-aani ng halamang ornamental ay ayon sa panahon ng mga selebrasyon.
- ___ 2. Kailangang malusog ang halaman bago anihin.
- ___ 3. Maganda ang pag-aani kung mura sa palengke ang mga ito.
- ___ 4. Ang dalawang paraan ng pagbebenta ay ang tingian at pakyawan.
- ___ 5. Ang nagtitinda ay kailangang may kaakit-akit na hitsura.
- ___ 6. Sa pagpapalano ng pagtatanim ng halamang ornamental dapat paghandaan ang darating na okasyon tulad ng Christmas, Valentines Day, Mother's Day, birthday at iba pa.
- ___ 7. Siguraduhing maayos ang taniman para sa tuloy-tuloy na pagtatanim.
- ___ 8. Tiyakin na ang taniman mo ay maayos para sa tuloy-

tuloy na pagtatanim.

_____ 9. Sa talaan makikita ang lahat ng ginastos.

_____ 10. Maaaring maging maunlad ang tindahan ng walang ginagawang talaan.

**Lesson
7**

**Agriculture and Fishery Arts:
PAGSASAGAWA NG WASTONG
PLANO UKOL SA PAG-AANI,
PAGBEBENTA AT
PAGSASAPAMILIHAN NG MGA
HALAMANG ORNAMENTAL**



Balikan

Mahalaga na pag-aralang mabuti ang mga paraan ng pag-aani, pagbebenta at pagsasapamilihan ng mga halamang ornamental. Ito ay isang gawain na dapat malaman ng mga mag-aaral. Dapat ding malaman kung kailan maaaring ipagbili ang mga halamang ornamental.

May dalawang paraan ng pagbebenta ng mga halamang ornamental. Ito ay ang pakyawan at ang isa ay ang tuwirang pagbebenta sa tingiang paraan o paisa-isang pagbebenta ng halamang ornamental sa mga mamimili.

Kailangan ang masusing pagtatala ng mga layunin, gawain, kagamitan, at gastos upang maging gabay sa paggawa. Kung ito'y masusunod nang wasto, nakatitiyak na magiging matagumpay ang isasakatuparang proyekto o gawain.

Lagyan ng / ang masayang mukha 😊 kung sang-ayon ka at ang malungkot na mukha ☹ kung hindi sa bawat pangungusap.

Pangungusap	😊	☹
1. Ang abono o pataba ay mahalaga sa pananim.		
2. Kailangan ang angkop na kagamitan sa paghahanda ng lupang taniman.		
3. Ang compost ay isang uri ng organikong abono.		
4. Kailangan ang sapat na tubig at pagbubungkal ng lupa upang maging malusog ang halaman.		
5. Ang di-organikong pataba ay mainam na gamitin dahil nakatutulong ito sa kaligtasan ng tao.		

Bakit kinakailangang gumamit ng kasangkapang angkop sa paghahalaman?



Tuklasin



<https://partofyou.wordpress.com/2009/03/03/everyday-life-3-makulay/>

1. Ano ang nasa larawan?
2. Anu-ano ang uri ng pagtitinda ng mga halaman?
3. Paano mapapanatiling sariwa ang mga halamang ornamental?

Ang pagtitinda ay maituturing na isang sining na nangangailangan ng sapat na umite, kasanayan, tiyaga, pang-unawa, at pagtitimpi sa mga mamimili. Higit sa lahat ay kinakailangan ang sapat na kaalaman ukol sa iba't-ibang uri ng bilihin o produktong nais ipagbili. Isa itong pakikipagsapalaran sa mga pagsubok at suliraning maaaring harapin na kaakibat ng ganitong umite.

Ang gawaing pagtitinda ay nangangailangan din ng kaaya-ayang pag-uugali at kawilihan. Ang anumang takot at pangamba ay dapat na isasantabi at sa halip ay ipanatag ang kalooban at magkaroon ng magandang pananaw sa umite.

Narito ang mga payak na umite upang maging maayos at matagumpay ang pagtitinda.

1. Kailangang malinis ang loob at labas ng tindahan. Walisan ang paligid nito upang makahikayat ng mas maraming mamimili at maglagay ng basurahan kung saan itatapon ang kalat.
2. Panatilihing may sapat na liwanag at bentilasyon ang tindahan upang maraming mahikayat na mamimili.
3. Markahan ang mga paninda upang matiyak kaagad ang presyo ng mga ito.
4. Mag-ingat sa pagkukuwenta at paglalagay ng sukli upang hindi ito lumabis o magkulang.
5. Makitungo nang mahusay, matapat, at pantay sa lahat ng mamimili.
6. Sikaping magkaroon ng maayos na relasyon sa mga mamimili upang dumami ang kita at upang maging matagumpay ang umite .

Mga dapat gawin upang mapanatiling Presko at Sariwa ang mga halamang ornamental na ibebenta

Sa mga nag-aalaga ng halamang ornamental na namumulaklak at di namumulaklak, may mga palatandaan na tinitingnan kung ito ay maaari ng ipagbili, kadalasan ang mga ito ay matataas, malalago at magaganda ang mga umite. Ang tamang pagkuha ng mga bulaklak ay kung ito ay malapit ng bumuka at bumukadkad. Tinatanggal ang mga umite at itinatali sa isang malalim na lugar. Ang paglalagay sa mga timba na may tubig na malinis ay nagpapatagal ng kanilang kasariwaan. Ang mga orchids sa Davao ay inilalagay sa kahon upang mapanatiling sariwa at hindi malagas ang mga bulaklak. Ang mga halamang ornamental na nangangailangan ng sikat ng araw kaya ito ay inilalagay sa lugar na nasisikatan ng araw. Samantalang ang mga halamang hindi nangangailangan ay inilalagay sa medyo malilim na lugar.

Wastong paraan ng pagtitinda

Mga Layunin

1. Ang payak na plano sa pagbebenta
2. Nasusunod ang wastong paraan ng pagbebenta
3. Nakapagbebenta ng halamang ornamental
4. Titulo ng gawain: Pagbebenta ng Halamang Ornamental

Mga kagamitan :

Mga halaman:

Presyo ng mga halaman;

Lalagyan ng mga halaman:

Mga iba pang kagamitan;

II. Pamamaraan

A. Paghahanda

1. Pagpili ng magbebenta
2. Paghahanda ng mga kagamitan
3. Pagsasaayos ng paninda
4. Pagbubukod-bukod ng mga magkakauri

B. Paghahanda ng mga magkakauri

1. Paglilinis ng paninda
2. Pagtatala
3. Iba pang gawain ayon sa pangangailangan

Pagkuwenta ng paninda

Upang malaman ang ilalagay na presyo sa bawat paninda, kailangang kwentahin nang umite ang paninda upang hindi malugi. Narito ang tamang pagkukuwenta ng halaga ng isang paninda na maaaring sundin.

$$\begin{array}{r}
 \text{A. Pesos o Halaga ng Puhunan} \\
 \times \quad \underline{15\% \text{ dagdag sa puhunan}} \\
 \hline
 \text{PRESYO NG PANINDA}
 \end{array}$$

Pesos o Halaga ng Puhunan $\times 15\%$ = Presyo ng Paninda

Halimbawa

Santan = 4.00 pesos ang puhunan

$$\begin{array}{r}
 4.00 \\
 \times 0.15 \\
 \hline
 2000 \\
 400 \\
 \hline
 000--- \\
 0.6000 \text{ or } .60 \\
 \\
 4.00 \\
 +.60 \\
 \hline
 \text{Php } 4.60 \text{ (Presyo ng Paninda)}
 \end{array}$$

A. Kuwentahin ang halaga ng paninda na ginagamit ang mga sumusunod na pormula

Pesos o Puhunan X 15% idagdag sa puhunan = Presyo ng Paninda

Presyong Pantinda = Puhunan + 15% na tubo

1. 5.00 pesos _____
2. 10.50 pesos _____
3. 15.00 pesos _____
4. 18.50 pesos _____
5. 25.00 pesos _____

C. Pormula sa pagkuha ng kabuuang tubo

Pinagbilhan - Puhunan=kabuuang tubo

Halimbawa:

1,350.90 -----halaga ng pinagbilihan

1,204.40 -----puhunan

146.50 -----kabuuang tubo

Pormula sa netong tubo

Kabuuang tubo – karagdagang gastos = netong tubo

Halimbawa:

146.50 ----- kabuuang tubo

5.00 ----- (pamasahe pambalot)

141.50 -----netong tubo

C. Gamitin ang mga sumusunod na pormula sa pagkukuwenta ng kabuuang tubo at netong tubo.

Pinagbilhan – puhunan =Kabuuang tubo

Kabuuang tubo-karagdagang gastos = Netong tubo

Pinagbilhan (Php)	Puhunan (Php)	Kabuuang Tubo	Mga gastos (Php)	Netong tubo (Php)
860.00	720.00	_____	4.00	_____
550.00	415	_____	8.00	_____
995.00	785.00	_____	5.00	_____
775.00	490	_____	4.50	_____
678.00	512.00	_____	4.50	_____

Pag-iimbentaryo ng mga Paninda

Ang isang mahalagang umite ng isang may ari ng tindahan ay ang pag-iimbentaryo. Ito ay ang pagtatala ng mga pinamili, naipagbili, at natirang paninda. Dito malalaman kung umite o nalugi ang itinayong tingiang tindahan. Mahalaga ang pag-iimbentaryo sapagkat dito mababatid kung maayos ang pamamahala ng isang tindahan. Ito rin ay nakatutulong upang

maging batayan kung nais palakasin o dagdagan pa ang mga paninda. Narito ang isang halimbawa ng pag-iimbentaryo.

paninda	dami	Puhunan (Php)	Kabuuang puhunan (Php)	Halaga ng paninda (Php)	Dami ng naipagbili	Puhunan na naipagbili (Php)	Kabuuang halaga ng naipagbili (Php)	Dami ng natira
Santan	10 paso	10.25	102.50	11.80	8	82.00	94.40	2
rose	20 paso	5.75	115.00	6.60	15	86.25	99.00	5
palmera	10 paso	16.00	160.00	18.90	10	160.00	189.00	0
fern	10 paso	16.50	165.00	19.00	8	132.00	152.00	2
sampaguita	15 paso	38.75	581.25	44.60	15	581.25	669.00	0
kabuuan			1,123.75			1,0041.50	1,203.40	



Suriin

Sa talaan ng puhunan at ginastos, dito malalaman ng isang nagnenegosyo kung saan siya kumita o nalugi. Sa paghahalaman dapat marunong kang magkuwenta at magtuos. Sa paggawa ng talaan, kailangang itala ang halaga ng pinagbilhan, ibawas ito sa pinaggastusan at ang natirang halaga ay ang tinatawag na kita o tubo. Narito ang payak na talaan ng puhunan, ginastos, at kita/tubo.


A. Talaan ng gastusin

• Halaga ng pananim	1000.00
• Halaga ng pataba,pamatay Kulisap at peste	500.00
• Bayad sa serbisyo o paglilingkod	500.00
• Iba pang gastusin	<u>200.00</u>
	Php 2,200.00

B. halaga ng pinagbilhan

5 pasong Rosas	1,500
5 pasong Palmera	1,400
5 pasong Santan	500
5 pasong <u>Daisy</u>	<u>500</u>
	Php 3,900

Halaga ng pinagbilhan	3,900.00
Halaga ng gastusin	<u>2,200.00</u>
Kita o tubo	1,700.00



Pagyamanin

Isulat ang D kung dapat o DD kung di-dapat gawin ang mga pangungusap tungkol sa pangangalaga at pamamahala ng mga halamang ornamental at mga halamang namumulaklak.

_____ 1. Ang tamang pagpitas ng mga bulaklak ay kung ang mga ito ay namumukadkad na.

_____ 2. Tinatangal ang mga tuyong dahon sa mga halamang ornamental na maaaring ipagbili.

_____ 3. Ang mga halamang ornamental ay hinahanay ayon sa uri at gulang nito sa malawak at malilim na lugar.

_____ 4. Upang mapanatiling sariwa ang mga halamang ornamental at mga bulaklak nito, maaari itong ibabad sa timbang na mayroong malinis at malamig na tubig.

_____ 5. Ang mga halamang ornamental ay inaayos at itinatali sa isang lugar na madilim.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang dalawang paraan ng pagbebenta ng mga halaman?
2. Ano ang palatandaan na maaaring ipagbili ang mga halamang ornamental?
3. Paano mapapanatili ang mataas na uri ng mga halamang ornamental na ipagbibili sa palengke o tindahan?



Isaisip

Hanapin ang mga salitang nasa loob ng kahon na tumutukoy sa mga palatandaan na maaari nang ipagbili ang mga halamang ornamental.

U	P	A	N	A	H	O	N	N	G
M	D	A	A	B	C	D	E	F	S
A	A	E	M	G	H	M	I	J	E
G	A	M	U	K	L	A	M	N	L
U	T	A	M	O	P	L	Q	R	E
G	K	T	U	V	T	U	Y	S	B
U	S	A	L	W	X	S	Z	A	R
L	S	S	A	B	N	O	G	C	A
A	A	J	K	D	E	G	F	H	S
N	T	I	L	M	N	O	P	Q	Y
G	A	R	A	S	T	U	V	W	O
I	T	X	K	Y	Z	A	B	C	N

Sagutin:

1. Bakit mahalagang malaman ang tamang paraan ng pag-aani at pagsasapamilihan ng mga halamang ornamental?
2. Ipaliwanag kung bakit kailangang isaayos ang mga paninda bago ito ipagbili.



Isagawa



Ang mga sumusunod ay gastos at kinita nina Mang Ramon at Berto sa kanilang paghahalaman. Alamin ang kanilang kinita o tinubo sa pamamagitan ng paggawa ng talaan ng gastos at kita o tubo.


Gastos :

Abril – 480.00
Mayo – 378.00
Hunyo – 650.00
Hulyo – 796.00
Agosto – 587.00

Pinagbilhan:

Abril - 1896,00
Mayo – 2279.00
Hunyo – 3645.00
Hulyo – 4124.00
Agosto – 4,010.00

Punan ang Venn Diagram ng kaukulang datos ayon sa gastos at kita nina Mang Ramon at Berto sa halamanan.



Mga Datos ng Kabuuang gastos, pinagbilhan at kita ng halamanan nina Mang Ramon at Berto.



Tayahin

Punan ang patlang ng tamang datos sa bawat kahon. Gumamit ng kaukulang pormula. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel o kuwaderno.

Pinagbilhan	Puhunan	Kabuuang tubo (php)	Mga gastos (php)	Netong tubo (php)
700.00	520.00	_____	15.00	_____
650.00	415	_____	20.00	_____
900.00	785.00	_____	25.00	_____
775.00	490	_____	10.00	_____
625.00	512.00	_____	15.00	_____

Bakit kailangang isaalang-alang ang lugar at panahon sa pagtitinda ng halamang ornamental?



Karagdagang Gawain

Bumisita sa iba't ibang halamanan (Ornamental Plant Nursery). Magmasid at magtala ng mga pagkakaiba ng halaga o presyo ng ornamental na halaman. Punan ang talahanayan.

Mga halamang ornamental	Halaga/Presyo			
	Naka-paso	1-dosena	1 bugkos/tali	1 tangkay
1.				
2.				
3.				
4.				
5.				

Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito.





Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. /
2. /
3. /
4. /
5. /
6. /
7. /
8. /
9. /
10. X

Balikan

Pangunusap

		
		1. Ang abono o pataba ay mahalaga sa pananim.
	/	2. Kailangan ang angkop na kagamitan sa paghahanda ng lupang taniman.
	/	3. Ang compost ay isang uri ng organikong abono
	/	4. Kailangan ang sapat na tubig at pagbuungkal ng lupa upang maging malusog ang halaman.
		5. Ang di-organikong pataba ay mainam na gamitin dahil nakakatulong ito sa kaligtasan ng tao.
x		

Pagyananin

1. D
2. D
3. D
4. D
5. DD

Sagutin :


1. ang dalawang paraan ng pagbebenta ng halaman ay ang pakyawanan at tuwirang pagbibili sa tingiang paraan.
2. Ang palagtandaan na maari ng ipagbili ang mga halamankung ang mga ito ay may taglay na bulaklak sapagkat ang bulaklak ay nakakaakit sa mga mata ng mamimili.
3. Mapapantili ang mataas na uri ng mga halaman ipagbibili kung ay ilalagay sa balding may tubig na may tamang sukat .

Isaisip

1. Magulang 2. Namumulaklak 3. Matusog 4. Selebrasyon 5. Panahon

Sagutin :

1. Mahalagang malaman ang tamang paraan ng pag-aani at pagsasapamilihan ng halamanang ornamental para ito ay maging maayos nang saganon maibenta ito ng madalian .
2. Dependende sa sagot ng mga bata.



Tayahin

pinagbilhan	puhunan	Kabuayang tubo (php)	Mga gastos (php)	Netong tubo (php)
700.00	520.00	180.00	15.00	165.00
650.00	415	235.00	20.00	215.00
900.00	785.00	115.00	25.00	90.00
775.00	490	285.00	10.00	275.00
625.00	512.00	113.00	15.00	98.00

Sanggunian

<https://partofyou.wordpress.com/2009/03/03/everyday-life-3-makulay/>

Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera. 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4.* Pasig City: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph